ANO ANG PANDIDISKRIMINA SA PINAGMUMULAN NG KITA?

Pinagtibay ng Batas sa Karapatang Pantao (Human Rights Act) ng Illinois na labag sa batas para sa mga provider ng pabahay ang pandidiskrimina batay sa iyong pinagmumulan ng kita.

ANO ANG PINAGMUMULAN NG KITA?

Ang naaayon sa batas na paraan ng pagsuporta mo sa iyong sarili at sa iyong pamilya.

Mga Halimbawa:

- Mga Voucher sa Pagpipilian sa Pabahay
- Mga Benepisyo ng SSI/SSDI
- Suporta sa bata
- Kita sa Pagreretiro
- Pansamantalang Tulong para sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Assistance for Needy Families, TANF)
- Programa ng Tulong sa Pandagdag na Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP)
- Pamana

PAANO ILARAWAN ANG PANDIDISKRIMINA SA PINAGMUMULAN NG KITA?

- Sinasabi ng landlord na hindi siya tumatanggap ng mga voucher na Seksyon 8
- Hinihingi ng landlord na dapat mayroong trabaho ang mga nangungupahan
- Hindi nakikipagtulungan ang landlord sa inspeksyon ng awtoridad sa pabahay
- Gumagawa ang landlord ng pagsusuri sa background ng mga may hawak ng voucher pero hindi niya ginagawa sa iba pang aplikante
- Hinihingi ng landlord sa mga nangungupahan na dapat mayroon silang kita mula sa Social Security para patunayan na permanente ang kanilang kita
- Iba pang anyo kung saan iba ang pagtrato sa mga nangungupahan dahil sa kanilang pinagmumulan ng kita

PAANO KUNG SABIHIN NG LANDLORD NA MAY KINAKAILANGANG MINIMUM NA KITA, O DAPAT NA TATLONG BESES NA MAS MATAAS ANG AKING KITA KUMPARA SA RENTA?

Maaaring isa itong pandidiskrimina depende sa mga pangyayari. Kumonsulta sa isang abogado.

ANO ANG MAARI KONG GAWIN KUNG SA PALAGAY KO AY NAKARARANAS AKO NG PANDIDISKRIMINA BATAY SA AKING PINAGMUMULAN NG KITA?

- Pag-isipan ang paghahain ng reklamo sa Departamento ng Karapatang Pantao (Department of Human Rights) ng Illinois sa illinois.gov/dhr.
- Kung naniniwala kang nadiskrimina ka dahil sa iyong Voucher sa Pagpipilian sa Pabahay, talakayin din ito sa iyong awtoridad sa pabahay.
- Makipag-ugnayan sa PSLS para makipag-usap sa isang abogado.

PRAIRIE STATE LEGAL SERVICES

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay biktima ng pandidiskrimina sa pabahay, maaaring makatulong ang Proyekto ng Makatarungang Pabahay. Ikokonekta ka namin sa tanggapan ng PSLS na nagsisilbi sa county kung saan ka nakatira.

855-FHP-PSLS (347-7757)
pslegal.org/fairhousing

MGA TANGGAPAN NG PSLS

Bloomington
Nagseserbisyo sa mga County ng Livingston, Mclean at Woodford

Galesburg
Nagseserbisyo sa mga County ng Henderson, Knox, McDonough at Warren

Joliet
Nagseserbisyo sa County ng Will

Kankakee
Nagseserbisyo sa mga County ng Iroquois at Kankakee

McHenry
Nagseserbisyo sa County ng McHenry

Moline
Nagseserbisyo sa mga County ng Henry, Lee, Mercer, Rock Island at Whiteside

Ottawa
Nagseserbisyo sa mga County ng Bureau, Grundy, LaSalle at Putnam

Peoria
Nagseserbisyo sa mga County ng Fulton, Marshall, Peoria, Stark at Tazewell

Rockford
Nagseserbisyo sa mga County ng Boone, Carroll, Jo Daviess, Ogle, Stephenson at Winnebago

Waukegan
Nagseserbisyo sa County ng Lake

West Suburban
Nagseserbisyo sa mga County ng DeKalb, DuPage, Kane at Kendall

UNITED WAY

LSC America's Partner for Equal Justice
LEGAL SERVICES CORPORATION

Para suportahan ang aming gawain, bisitahin ang pslegal.org/donate.

Maghanap ng mga legal na mapagkukunan at mag-apply para sa tulong sa Illinois Legal Aid Online. Bisitahin ang illinoislegalaid.org o i-scan ang code.

PRAIRIE STATE LEGAL SERVICES

Administrative Office
303 North Main Street
Suite 600
Rockford, IL 61101
815-965-2134
info@pslegal.org
pslegal.org

11-26